

Chapter One

“Hoy, Benis, ang gara ng porma natin ngayon, ah! Bah! Estudyanteng-estudyante na talaga! Tootoo ba talaga ‘yan, ha, o raket lang?” ang sigaw ng isa nilang kapitbahay pagkababa na pagkababa ni Venice sa hagdanan ng inuupahan nilang bahay sa isang suburban area sa Tondo.

Nah, hindi naman tipong slum area na slum area talaga ang lugar nila, pero siyempre, hindi mo pa rin iyon maihahalintulad sa Makati. But she loved it here nonetheless. Siyempre, dito na siya nagkamalay, lumaki’t nagdalaga.

“Venice ho, Mang Tokmoy! Venice ho at hindi Benis!” ang ganting-sigaw niya dito nang hindi tumitigil sa paglalakad. First day of school niya bilang isang kolehiyala kaya siyempre, feel na feel niya ang suot niyang pencil-cut skirt na abot lamang hanggang itaas ng tuhod ang haba na siyang nagsisilbing pang-ibaba ng uniporme ng unibersidad na papasukan niya.

“Pareho lang din ‘yon!” anito.

Itinirik na lamang niya ang sariling mga mata bago ito nilampasan.

“Naks! Venice, ikaw ba ‘yan? Ba’t nagmumukhang tao ka

yata ngayon?” kanyaw naman ng isa pang kapitbahay nila, si Sito, na wala na yatang ibang alam gawin kundi ang tumambay sa may kanto, ginagawa na yatang career ang pagbibilang ng mga dumaraang sasakyan.

“Heh! Tumigil ka diyan, Sito, at maganda ang araw ko. First day of school kaya dapat, eh, maganda ang mood para good vibes buong school year,” aniya habang nag-aabang ng masasakyang jeep.

Panay ang ayos niya sa sukbit niyang shoulder bag, pati na rin sa kanyang buhok hanggang sa suot niyang palda. Wala, eh. Feel na feel niya ang pagiging estudyante.

Bah, nine years din kaya niya itong hinintay. Noong grumadweyt siya ng high school, nangako ang mama dear niya na pag-aaralin siya nito ng kolehiyo. Kahit gumapang daw sila sa hirap, *keri* lang, basta makapag-college lang siya. Kaso kinapos sa pang-enroll, kaya ang sabi ng mama dear niya’y sa susunod na taon na lang. Next year, eh, ganoon uli. Next year na lang daw, ang muling pangako ng mama dear niya sa kanya. Kaya ‘eto, sa kaka-next year ay inabot ng siyam na taon bago siya nakapag-enroll sa college.

Pero *oks* lang, better late than never ‘ika nga. Ang importante’y matutupad na ang pangarap niyang makatuntong sa isang unibersidad. Kahit hindi na siya grumadweyt, *keri*

lang. Ang importante'y 'college level' naman ang mailagay niya sa kanyang mga resume next time na mag-apply siya ng trabaho. Hindi naman sa ikinahihiya niya ang pagiging high school graduate lang niya pero naman! Sino ba naman ang ayaw lumelevel-up ang beauty, di ba?

Kaya 'eto, kahit na inabot siya ng beinte-singko bago niya sa wakas napag-ipunan ang pampa-enroll niya sa college ay hindi pa rin matatawaran ang excitement niya nang mga sandaling iyon. So what if she's too old to be a college freshman, di naman halata sa hitsura.

Hindi naman sa pagbubuhay ng sariling bangko pero maganda talaga siya. She's fair-skinned. At kung may isang bagay man siyang ipagpapasalamat sa kanyang mama dear, iyon ay ang pagsisiksik sa mura niyang isipan mula pa pagkabata na dapat niyang ingatan ang kanyang balat. Kaya heto, sa sobrang kinis ng kutis niya ay puwede na siyang maging endorser ng *Belo*.

She had great pair of legs, too. Long and perfectly shaped. At kung paseksihan lang din ang labanan, aba'y hindi naman siya magpapahuli. Sa katunayan ay sikat siya sa lugar nila, hindi siya magsisinungaling kung sasabihin niyang pila-pila ang mga manliligaw niya.

And take note, hindi lang perwisyo na dulot ng mga

makukulit niyang manliligaw ang dala ng ganda't kaseksihan niyang ito. Ilang beses na rin 'yong nakapagdala ng pagkain sa hapag-kainan nilang mag-ina. Siya kasi ang reyna ng mga raket. Kahit na ano, eh, pinapatos niya. Mapa-small-time modelling job, panggulo sa isang eksena sa pelikula, beauty contest, dance contest, contest sa mga malls, sa *Facebook*, sa lahat-lahat na. Basta pwedeng kumita, game siya. And she has to admit, malaki ang naitutulong ng kakaiba niyang ganda para makakuha ng mga projects, kahit na maliit lang, at maipanalo ang mga contest kahit na hindi siya ganoon kagaling sumayaw at hindi rin siya ganoon kagaling sa question-and-answer. Iyon ang kaisa-isang bagay na ipinagpasalamat niya sa amang ni dulo ng buhok ay hindi niya nakita, at least, eh, pinamanahan naman siya nito ng gandang di-matatawaran.

The father she never met was an Italian. Iyon ang dahilan kung bakit Venice ang pangalan niya, nais yata kasing ipangalandakan sa buong mundo ng mama dear niya na anak siya ng isang Italyano. At talagang apelyido pa ng kanyang ama, which is Garelli, ang gamit niya gayong hindi naman kasal ang kanyang mga magulang at naglahong parang bula pa ang kanyang ama bago man lang siya ipinanganak. Papano iyon nagawa ng kanyang mama dear? Ewan, hinocus pocus yata. Doon naman magaling ang kanyang mama dear, ang mang-hocus pocus ng mga bagay-bagay, palibhasa, eh, sa perya ito

nagtrabaho dati.

Dati itong assistant ng isang magician noong kabataan nito. Iyon bang tipong isinisilid sa isang kahong pinuputol, di naman kaya'y tina-target ng kutsilyo. Pero noong nagkaedad na ito at hindi na ganoon kauso ang mga perya-perya ay natigil na ito sa trabaho nitong iyon. Nanghuhula na lamang ito sa mismong bahay nila. Yes, her mama dear was a fortune teller. Kung totoo man o hindi ang mga hula nito ay hindi niya alam. Pero bumabalik naman minsan iyong mga naging customers nito kaya minsan ay gusto na rin niyang maniwalang hindi 'japeyk' ang mama dear niya.

But she was proud to say that beginning today ay hindi na lamang siya anak ni Madam Charm na manghuhula. She was now Venice Garelli, a first year student of Business Administration. Naks! Sosyal!

Bakit Business Administration ang napili niyang kurso? Ewan. Tunog sosyal kasi. 'Tsaka, feeling niya ay yayaman siya sa kursong iyon kahit ni monkey business ay wala naman sila para i-manage niya.

Of course, ay hindi naman siya naniniwala sa sinasabi ng mama dear niya na balang araw ay babalik ang *padir* niya't isasama siya sa Italy para i-manage ang mga businesses nito. Tanging mama dear na lang niya ang naniniwalang magpapakita

pang muli sa buhay nilang mag-ina ang taong nakilala lang niya sa pangalang Achilleo Garelli.



“Shit!” Napamura si August nang makita niyang mag-a-alas-siete na nang umaga. Unang araw ng pasukan ngayon at ayaw niyang ma-late. Actually, ke unang araw ng semester o hindi, ayaw na ayaw talaga niyang nali-late. He hated being late, the very same way that he hated late-comers.

Dali-dali siyang tumalon mula sa kanyang kama at saka tinakbo na ang kinaroroonan ng kanyang banyo. It usually took him thirty minutes, at the least, to do his shower. Pero nang mga oras na iyon, ten minutes lang ang kinain ng pagsa-shower niya.

It was seven-eleven when he went out of the shower. Kung tutuusin, eh, maaga pa naman para sa unang klase niya para sa araw na ito which is nine in the morning. Hindi naman ganoon kalayo ang pad niya mula sa pinagtuturuang unibersidad kaya inaabot lang ng treinta minutos hanggang isang oras ang biyahe papunta sa doon, kasama na ang trapik. Pero nakasanayan na niyang dumating sa school campus isa o dalawang oras bago ang first class niya. Ugali na kasi niyang isaayos ang lahat bago pa simulan ang scheduled classes niya para sa buong araw.

Habang nagmamadali sa pagbibihis ay nakasalang sa bread

toaster niya ang dalawang pirasong tinapay. A couple of buttered toasted bread and a cup of hot, brewed coffee and he's good to go.

Eksaktong alas siete y medya nang lumabas siya ng pad niya kaya't halos gusto na niyang magmura nang walang humpay noong binibuhay na niya ang makina ng sedan niya. At sa kamalas-malasan pa ay may banggaan pa sa rutang dinadaan niya kaya't ang dating treinta minutos hanggang isang oras na biyahe ay talagang inabot pa ng isang oras at kalahati. It was exactly nine when he reached his destination.



Kung mamalasin ka nga naman, oh! ang lihim na pagmamaktol ni Venice. Unang araw na unang araw ng klase, mukhang mali-late pa ako. May banggaan kasi sa rutang dinaanan niya kaya halos abutin sila ng siyam-siyam bago makausad.

Lakad-takbo na ang ginagawa niya noong tumatawid siya ng kalsada. At dahil sa sobrang pagmamadali ay hindi niya napansin ang isang maroon na kotseng katulad niya ay paliko sa gate ng unibersidad. At talagang narinig niya ang hiyawan ng mga nakakakita noong halos mabundol na talaga siya ng kotseng iyon, mabuti na lamang kamo't naging mabilis ang paggana ng kanyang mga reflexes. Her adrenaline rush had thrown her into a nearby trash can.

Lumikha ng malakas na tunog ang ginawang biglang paghinto ng kotseng iyon. Agad na iniluwa niyon ang isang lalaking nakaputing long sleeve buttondown shirt na nakatupi ang bawat sleeves hanggang sa siko at napapatungan ng nakabukas na black, zipper full lined vest. And next to carrying himself well, ang guapong mukha ang agad niyang napansin.

“Hey, Miss! Magpapakamatay ka ba, ha?” ang bulyaw nito sa kanya noong magawa na nitong makalapit sa kinasadlakan niya.

At talagang naglahong bigla ang lahat ng pisikal na paghangang naramdaman niya para rito at natuon ang buo niyang atensyon sa kagaspangan ng pag-uugaling ipinakita nito sa kanya. Siya na nga ang muntik-muntikan nang madisgrasya, siya pa ang sisigawan? Naman!

Dali-dali siyang tumayo at saka mabilis na nagpagpag ng sarili bago ito taas-noong hinarap.

“Salamat sa concern, ha? Okay naman ako, salamat sa pagtatanong,” ang pamimilosopo niya.

“Well, it was entirely your fault. Nakita mo namang naka-go kami, basta-basta ka na lang na tumawid diyan. I am going to be late now, thanks to you,” anito nang nakakunot pa rin ang noo, mukhang hindi umubra ang pangongonsensiya niya.

“Ay, sorry ha? Sorry kasi mali-late ka na pala. Sorry at nagmamadali ka kaya’t ganoon na lang ang bilis ng ginagawa

..... mong pagpapatakbo diyan sa kotse mo, ayan tuloy, di mo ako nakita. Pasensya na talaga at kaunting-kaunti na lang talaga’y masasagasaan niyo na ako,” pamimilosopo ulit niya. ||

Nakita niya itong nagpakawala ng isang naiinis na buntong-hininga. “You are taking so much of my time,” Walang paalam na tumalikod ito upang bumalik sa kinaroroonan ng kotse nito.

“Salamat, ha? Salamat ng marami sa pagtulong!” ang pahabol niyang sigaw habang pinapanood ang pagsampa nito sa sasakyan.

“Naturingan pa namang mga edukado, ang sasama naman ng mga ugali!” ang naiinis niyang bulong habang pinapanood ang tuluyang pagpasok sa school campus ng minamaneho nitong sasakyan. At talagang halos maiyak siya nang masuri niya kung anong laking perwisyo ang idinulot sa kanya ng insidenteng iyon. Ang dumi-dumi na kaya niya!

Ang pinakauna niyang ginawa pagkapasok na pagkapasok sa loob ng school campus ay ang maghanap ng CR upang malinis niya ang sarili kahit na kaunti. Wala naman siyang balak mangamoy-basura sa unang araw ng pagiging kolehiyala niya, baka wala pang tumabi sa kanya.

“Bwisit na lalaking ‘yon, ako na nga ‘tong muntik-muntikan na niyang mapatay, siya pa talaga ang may ganang magalit! Bwisit talaga! Napakawalang modo! Sobra pa talaga sa late ang

labas ko nito ngayon!” ang naiinis niyang bulong sa sarili habang nililinis ang nadumihang palda at binti gamit ang binasa niyang toilet paper. “Eto ang hirap sa mga mayayaman, eh! Ang tingin nila sa sarili nila ay hari ng mundo! Bwisit!”

Nang masigurong wala nang duming nakadikit sa kanya ay halos paliguan na niya ng cologne ang sarili. Ayaw naman kasi niyang bulabugin ang buong klase pagkapasok niya sa kanyang classroom.